

1 **Menos gastos na, mas mataas na kita pa!**

2
3 Karaniwang gumagastos ang mga magsasaka ng P5,000 kada ektarya sa
4 paghahanda ng lupa. Pero alam nyo ba na maaaring makatipid ng hanggang
5 P3,000 sa mga gastusin sa paggawa at krudo?

6
7 Sa pamamagitan ng sitemang reduced tillage, hindi na inaararo ang bukid
8 bago taniman, konting suyod lang ay pwede na!

9
10 Ayon kay Celia G. Abadilla, project leader ng reduced tillage, simple lamang
11 ang pagsasagawa nito. Pagkayari ng giikan, ikalat sa bukid ang mga dayami
12 o kapag malapit na ang sakahan.

13
14 Ang 5 toneladang dayami na giniikan ng 5 toneladang palay ay magbibigay ng
15 25-40 kg N, 3-6kg P, 60-85 kg K, 2-5kg sulfur, 200-350kg silicon, at 2,000kg
16 carbon kung husto ang pagkabulok nito. Tataas din ang ani nang halos 10
17 kaban kada ektarya. Kakapal pa ang organic matter sa bukid.

18
19 Matapos ikalat ang dayami, patubigan ang pinitak sa lalim na 3-5
20 sentimetro. Panatiliing lubog sa tubig ang bukid sa loob ng 5-7 araw. Isunod
21 ang unang pagsusuyod ng pinaggapasan at damo gamit ang hand tractor,
22 riding-type leveler, o suyod na may harang na tabla.

23
24 Ulitin ang pagsusuyod pagkatapos ng 5-7 araw. Panatilihin ang 3-5
25 sentimetro na lalim ng tubig. Kung maaari, isang araw bago magtanim o
26 magsabog-tanim, gawin muli ang pagsusuyod para sa mas maayos na
27 taniman.

28
29 Dagdag pa ni Abadilla na napapanatili ang tubig sa lupa sa paggamit ng
30 sistemang reduced tillage na siya namang nakatutulong sa maayos na paglaki
31 at magandang ani ng palay.

32
33 Isa si Mang Eduardo ng Cabanatuan City, Nueva Ecija ang nakasubok na ng
34 sistemang reduced tillage. Ayon sa kanya ay napadali ang paghahanda ng
35 kanyang bukid dahil hindi na kailangang aruruhin ito. Kaya naman,
36 nakatitipid siya sa gastusin at oras ng paghahanda ng hanggang anim na oras
37 kada ektarya. Napansin din niya na naging mas mababaw ang putik sa
38 kanyang bukid kaya naman hindi hirap magsuwi ang palay.

39
40 Hindi rin niya problema ang damo dahil umiibabaw lamang ang mga buto
41 nito na siya namang natatangay at hindi na tumutubo kapag pinatubigan
42 na.

43
44 Tumaas din ang ani ni Mang Eduardo ng 5 kaban kada ektarya at sampung



PHILIPPINE RICE RESEARCH INSTITUTE

PHILRICE CENTRAL EXPERIMENT STATION

45 kaban naman kung tag-araw.

46

47 Si Mang Eduardo ay kasapi sa Makabagong Magsasaka ng Palagay Mutipurpose
48 Cooperative, na pinagkakalooban ng Landbank of the Philippines ng credit
49 line kung saan ang bawat kasapi ay maaaring makahiram ng hanggang Php
50 50,000. Aniya, nakababayad naman ang lahat ng miyembro ng kooperatiba.
51 May 37 miyembro at 32 sa kanila ay gumagamit ng sistemang reduced
52 tillage.

53

54 Para sa karagdagang impormasyon, magtext o tumawag sa PhilRice text
55 center bilang 0920 911 1398.

56

Clean, Green, Practical, and Smart Rice Farming Systems for Competitiveness, Sustainability, and Resilience (Clean GPS for CSR)



PhilRice Central Experiment Station, Maligaya, Science City of Muñoz, 3119 Nueva Ecija, Philippines | Email: prri.mail@philrice.gov.ph
| Trunkline: (044) 456-0277 | Telefax: (044) 456-0112, 0648 | PhilRice Text Center: +63 920-911-1398 | Website: www.philrice.gov.ph
| www.pinoyrkb.com | Liaison Office: 3rd Flr. ATI Bldg., Elliptical Road, Diliman, Quezon City | Tel: (02) 920-5129 | Mobile: 0920-906-9052

